# Ang Accessible B.C. Act: Progress Report
# Para sa 2022/2023

# Mga Nilalaman

Accessible B.C. Act: Progress Report para sa 2022/2023 **4**

Provincial Accessibility Committee **5**

Accessibility Plan **6**

Development ng Accessibility Standards **7**

Regulasyon ukol sa Accessible B.C. **8**

Pagkilala sa Linggo ng AccessAbility **9**

Accessibility Feedback Tool **10**

Paglahok sa mga Indigenous na Tao **11**

Pamumuno sa BC para Itaguyod ang Pambansang Kolaborasyon sa Accessibility **12**

Appendix 1: Accessibility Feedback Tool Data **13**

# Ang Accessible B.C. Act: Progress Report para as 2022/2023

Ang *Accessible British Columbia Act* (ang Batas) ay nagtatatag ng isang statutory framework para makipagtulungan ang pamahalaan sa mga taong may mga kapansanan nang ma-identify, matanggal, at maiwasan ang barriers o mga hadlang sa kompleto at pantay na paglahok ng mga taong may mga kapansanan sa kanilang mga komunidad. Alinsunod sa mga pangangailangan ng Seksyon 6 ng Batas ay inilalarawan ng report na ito ang mga kilos na ginawa ng Minister at ng Provincial Accessibility Committee (PAC) noong 2022/23 fiscal year para isagawa ang Batas at ang mga regulasyon nito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga priyoridad sa accessibility sa buong pamahalaan, konsultahin ang AccessibleBC -- ang three-year accessibility plan ng pamahalaan.

# Provincial Accessibility Committee

Sa panahon ng reporting period ay tatlong beses na nagpulong ang PAC: noong Mayo, Oktubre, at Pebrero. Isinama rin ng Pamahalaan ang input ng PAC para sa iba't-ibang mga priyoridad, kabilang na ang:

- development ng AccessibleBC, na siyang accessibility plan ng pamahalaan
- development ng accessibility feedback tool ng pamahalaan
- ang mga prinsipyo na dapat gamiting batayan sa pagdibelop ng accessibility standards
- ang mga iminumungkahing mandato ng accessibility standards technical committees.

**Pinapayuhan ng Provincial Accessibility Committee** ang pamahalaan tungkol sa pagsasagawa ng Batas at pinapatnubayan nito ang development ng bagong accessibility standards. Ang committee ay itinatag noong Disyembre 2021.

# Accessibility Plan

Noong Mayo 2022 (sa panahon ng Linggo ng AccessAbility) ay inilabas ng pamahalaan ang AccessibleBC: B.C.'s Accessibility Plan for 2022/23-2024/25. Binibigyang-diin ng plan ang mga inisyatibo at mga high-level na priyoridad sa buong pamahalaan na nagsusuporta para malaman kung ano-ano ang mga hadlang sa mga taong may mga kapansanan at para maiwasan at matanggal ang mga ito. Ang Plan ay dinibelop pagkatapos mag-usap-usap ang mga ministry sa pamahalaan at pagkatapos makakuha ng input mula sa PAC.

# Accessibility Standards Development

Noong Mayo 2022, sa tulong ng PAC, inanunsyo ng Minister na ang trabaho ay magsisimula para idibelop ang mga nauunang Accessibility Standards sa ilalim ng Batas at na ang mga nauunang standards ay nasa Employment Accessibility and Accessible Service Delivery. Nagtatag ang Pamahalaan ng advisory committees para tulungan ang PAC na magdibelop ng mga rekomendasyon para sa mga iminumungkahing accessibility standards sa Employment Accessibility at sa Accessible Service Delivery. Ang mga miyembro ng Employment Accessibility at ng Service Delivery technical committees ay itinakda noong Disyembre 2022. Itinanghal ng Technical Committee on Accessible Service Delivery ang kanyang unang pagpupulong noong Enero 2023.

Ang **technical committees** ay may mahalagang tungkulin sa proseso ng pagdibelop ng standards sa pamamagitan ng pagtulong sa PAC na magdibelop ng mga rekomendasyon para sa Minister.
Ang bawat standard ay may dedikadong technical committee na binubuo ng 15 tao na may iba't-ibang mga karanasan na ang layunin ay ang ipakita ang diversity ng British Columbia.

# Regulasyon ukol sa Accessible B.C.

Noong Abril 2022 ay pinagtibay ng pamahalaan ang isang regulasyon na nag-utos ng mahigit sa 750 public sector organizations para sa mga layunin ng ika-3 Bahagi ng Batas. Mula noong Setyembre 2022, ang mga organisasyon na ito ay binigyan ng isang taon man lamang upang magtatag ng isang accessibility committee, isang accessibility plan, at isang public feedback mechanism.

Ang pamahalaan ay naglaan ng $3 milyon sa Disability Alliance BC (DABC) para magdibelop ng tools, resources, at iba pang mga suporta para matulungan ang mga itinakdang organisasyon na sumunod sa regulasyon.

Kabilang sa **mga organisasyon** na itinakda sa Accessible BC Regulation ang:

- municipal police departments
- municipalities
- post-secondary education institutions
- public libraries
- regional districts
- school districts

# Pagkilala sa Linggo ng AccessAbility

Noong 2022 ay ipinagdiwang ng province ang Linggo ng AccessAbility mula Mayo 29 hanggang sa Hunyo 4. Noong Linggo ng AccessAbility 2022, naglaan ang pamahalaan ng community grants na nagkakahalaga ng $500,000 para pabutihin ang accessibility at inclusion. Ang grants ay pamamahalaan ng Disability Alliance BC (DABC) at sila'y gagamitin para suportahan ang local accessibility projects sa buong province. 12 non-profit organizations sa B.C. ang tumanggap ng grants na nagkakahalaga nang hanggang $40,000. Ang mga nakatanggap ng grants ay maghahatid ng iba't-ibang mga proyekto sa mga komunidad sa buong B.C., mula sa pagdagdag ng social connections sa rural communities hanggang sa pagdagdag sa accessibility ng mga plano para maging handa para sa mga emergency.

Itinataguyod ng **AccessAbility Week** ang inclusion at accessibility para masuportahan ang buong paglahok ng bawat tao sa kanilang mga komunidad. Ito rin ay isang pagkakataon para suportahan at bigyang-diin ang mga pagsisikap ng mga tao at mga organisasyon na nagtataguyod para sa mga taong may mga kapansanan.

# Accessibility Feedback Tool

Bilang bahagi ng mga commitments ng pamahalaan sa ilalim ng Batas ay inilunsad nito ang Accessibility Feedback Tool noong Oktubre 2022. Pinahihintulutan ng Tool ang mga tao na ireport ang mga hadlang na nararanasan nila kapag gumagamit sila ng mga serbisyo ng pamahalaan. Gagamitin ng Accessibility Directorate ang natanggap na feedback para malaman kung ano ang mga hadlang, ma-analyze ang mga ito, magbahagi ng data, at makipagtulungan sa mga partner para pahusayin ang accessibility sa B.C.

Ang Tool ay idinibelop gamit ang isang Gender-Based Analysis Plus (GBA+) lens at isinasama nito ang mga komprehensibong opsyon sa accessibility; sinusunod nito ang patnubay ng Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act (DRIPA) hinggil sa Indigeneity, lahi, at etnisidad. Pinahihintulutan din ng tool ang respondents na gumamit ng video, audio, at image files para ilarawan ang kanilang karanasan. Ito’y makukuha sa iba’t-ibang mga wika.

May summary ng feedback data sa Appendix 1.

# Paglahok ng mga Indigenous na Tao

Inilahok ng pamahalaan ang mga Indigenous na Tao noong dinibelop ang Batas, nang iakma ang batas sa United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples. Nangako ang pamahalaan na ipagpatuloy ang paglahok ng Indigenous partners sa pagsasagawa ng Batas, tulad ng nakabalangkas sa aksyon 4.9 ng Declaration Act Action Plan ng B.C. para sa 2022-2027. Bilang bahagi ng pangakong ito ay kinontak ng pamahalaan ang Indigenous rights holders at ang mga organisasyon upang mag-alok ng iba't-ibang mga opsyon para makipagtalakayan at para magbigay ng impormasyon para sa pagdibelop ng patakaran.

Kabilang sa mga opsyon na ito ang mga pagpupulong o presentations ng mga tauhan ng pamahalaan, working sessions para magbigay ng impormasyon para sa pagdibelop ng patakaran, at/o mga nakasulat na submissions batay sa mga nagpapatnubay na katanungan.

# Pamumuno sa BC Leadership para Itaguyod ang Pambansang Kolaborasyon sa Accessibility

Noong Setyembre 2022 ay tinanggap ng pamahalaan ng B.C. ang imbitasyon para i-co-chair ang unang Pan-Canadian Forum on Accessibility Standards kasama ng Accessibility Standards Canada. Nagpulong-pulong sa Forum ang mga opisyal mula sa provinces at territories sa buong Canada para magdibelop ng pinagkasunduang pag-unawa sa accessibility standards sa bansa at para koordinahin ang mga pagsisikap na ginagawa sa iba't-ibang mga hurisdiksyon. Noong Mayo 2022 ay pinirmahan din ng pamahalaan ang isang kasunduan sa Accessibility Standards Canada para magkaroon ng koordinasyon at kolaborasyon habang nagtutulungan ang Pamahalaan ng Canada at ang Pamahalaan ng British Columbia para magdibelop ng accessibility standards.

# Appendix 1: Accessibility Feedback Tool Data

**(OKTUBRE 2022-MARSO 2023)**

| Respondents na may nararanasang mga hadlang | Bilang ng submissions | Persentahe (%) |
|---|---|---|
| Taong may nararanasang hadlang | 52 | 58 |
| Isinulat para sa ibang tao | 19 | 21 |
| Magulang o guardian | 6 | 7 |
| Kapamilya | 4 | 4 |
| Empleyado ng pamahalaan | 4 | 4 |
| Iba pa | 4 | 4 |
| Advocate | 1 | 1 |
| Iniwang blangko | 18 | 20 |

***Paunawa:*** Ang kabuuan ng mga persentahe ay maaaring hindi maging 100 dahil sa rounding.

| Mga iba’t-ibang uri ng Barriers | | |
|---|---|---|
| **Kategoriya** | **Ilang beses ito binanggit** | **Persentahe (%) ng submissions na nag-identify sa barrier na ito** |
| Pagbigay ng mga serbisyo | 40 | 45 |
| Ang built environment | 28 | 31 |
| Impormasyon at komunikasyon | 24 | 27 |
| Kalusugan | 20 | 22 |
| Housing | 12 | 13 |
| Transportasyon | 12 | 13 |
| Edukasyon | 11 | 12 |
| Employment | 10 | 11 |

***Paunawa:*** Ang submissions ay maraming na-identify na iba’t-ibang barriers.

| Lokasyon | Bilang ng respondents | Persentahe (%) |
|---|---|---|
| Lower Mainland | 24 | 27 |
| Vancouver Island | 22 | 25 |
| Southern Interior | 9 | 10 |
| North | 9 | 10 |
| Iniwang blangko | 23 | 26 |

| Mga ministry na binanggit sa feedback | Ilang beses binanggit | Persentahe (%) ng submissions na na nag-identify sa Ministry na ito |
|---|---|---|
| SDPR (Ministry of Social Development and Poverty Reduction | 21 | 24 |
| HLTH (Ministry of Health) | 18 | 20 |
| TRAN (Ministry of Transportation and Infrastructure) | 15 | 17 |
| CITZ (Ministry of Citizens' Services) | 9 | 10 |
| PSA (Public Service Agency) | 6 | 7 |
| ECC (Ministry of Education and Child Care) | 5 | 6 |
| ENV (Ministry of Environment and Climate Change Strategy) | 5 | 6 |
| MUNI (Ministry of Municipal Affairs) | 5 | 6 |
| HOUS (Ministry of Housing) | 4 | 4 |
| MMHA (Ministry of Mental Health and Addictions) | 2 | 2 |
| PSFS (Ministry of Post-Secondary Education and Future Skills) | 2 | 2 |
| PSSG (Ministry of Public Safety and Solicitor | 2 | 2 |

| | | |
|---|---|---|
| General) | | |
| AG (Ministry of Attorney General) | 1 | 1 |
| FIN (Ministry of Finance) | 1 | 1 |
| MCFD (Ministry of Children and Family Development) | 1 | 1 |
| TACS (Ministry of Tourism, Arts, Culture and Sport) | 1 | 1 |

***Paunawa:*** Ang submissions ay maraming na-identify na iba't-ibang Ministries.